Republika ng Pilipinas )
Lungsod ng Quezon ) s.s.

# SINUMPAANG SALAYSAY

Ako si **CELIA FIESTA VELOSO**, 55 taong gulang, may asawa at nakatira sa Barangay Caudillo, Cabanatuan City, Nueva Ecija, matapos na makapanumpa nang ayon sa batas ay kusang loob na nagpapahayag na:

1. Noong Enero 2010 ay bumalik ang aking anak na si Mary Jane Veloso sa Pilipinas mula sa Dubai, matapos ang sampung (10) buwan na pagtatrabaho doon. Hindi natapos ang dalawang taong kontrata bilang domestic helper dahil nagpasya kaming pauwiin na lamang siya matapos siyang tangkaing pagsamantalahan ng kanyang amo at saktan ng kasamahan sa bahay;

2. Sa pagbalik ni Mary Jane, siya ay umuwi sa Esguerra Village, Talavera, Nueva Ecija kung saan nandoon ang kanyang dalawang anak na nasa pangangalaga ng aking balae;

3. Sa panahong ito, bagamat doon siya nanirahan sa Esguerra Village kasama ang mga apo ko, ay halos araw-araw siyang bumibisita sa amin sa Barangay Caudillo para makipag-kamustahan;

4. Ang kanyang kaunting naipon ay ipinuhunan niya para sa pagsisimula ng maliit na negosyo na pagbebenta ng plastic wares sa mga bahay-bahay ng naka-motor. Sa kasawiang-palad, matapos ang tatlong buwan ay nalugi ito;

5. Noong ika-18 ng Abril nang bumisita siya sa amin ay naikwento niya na noong mismong araw na iyon ay nilapitan siya ni Ma. Cristina Sergio (Tintin para sa kaigsian), isang kapit-bahay sa Esguerra Village at kinakasama ng kanyang kinakapatid na si Julius Lacanilao, para mag-alok ng trabaho sa Malaysia;

6. Si Tintin diumano ay may bestfriend sa Malaysia na nangangailangan ng kasambahay. Si Mary Jane daw ay tatanggap ng Twenty Five Thousand Pesos (P25,000) bilang buwanang sahod;

7. Ikinatuwa ni Mary Jane ang alok na trabaho dahil masmalaki ang kikitain niya dito kumpara sa sinahod niya sa Dubai na umaabot lamang sa Nine Thousand Pesos (P9,000);

8. Bilang kapalit ng serbisyo ni Tintin sa paghahanap sa kanya ng trabaho ay kailangan magbayad ni Mary Jane ng Twenty Thousand Pesos (P20,000) kasama ang motor na naipundar sa maliit na negosyo at ang kanyang cellphone. At kapag nabayaran ito agad ay maari na silang pumunta ni Tintin sa Malaysia;

9. Para makumpleto ang kanyang pambayad kay Tintin ay nanghihiram si Mary Jane sa amin ng Six Thousand Pesos (P6,000);

10. Noong maikwento ni Mary Jane ito sa amin ay hindi kami sumang-ayon dahil ayaw naming maulit pa sa kanya ang masamang sinapit sa Dubai. Nagduda din kami sa bilis ng proseso, na sa loob lamang daw ng limang araw ay makakaalis na sila;

11. Gayun pa man ay pilit na nagmamakaawa si Mary Jane na payagan namin siya alang-alang sa kinabukasan ng mga bata at para kami ay matulungan. Umuwi siya ng umiiyak ng araw na iyon dahil hindi kami pumayag at hindi namin pinahiram ng pera;

12. Makalipas ang dalawang araw, ika-21 ng Abril, bumalik siya sa amin at sinabing may pinakita si Tintin sa kanya na ticket nilang dalawa na papuntang Malaysia kinabukasan, at nagmamakaawa na pahiramin na namin siya ng pera para makumpleto ang lahat ng hinihingi ni Tintin. Dahil dito, pinagbigyan na namin ang kanyang hiling;

13. Kinabukasan, tumawag ako sa aking balae sa Talavera para makausap pa si Mary Jane, sinabi sa akin na nakaalis na siya;

14. Noong ika-27 ng Abril ay tinawagan ako ng balae ko para sabihin na dumating na si Tintin mula sa Malaysia. Agad kaming pumuntang mag-asawa, kasama ang mga kapatid ni Mary Jane, kina Tintin sa Talavera. Ikiniwento sa amin ni Tintin na napakabait ng naging employer ni Mary Jane. Na binilhan daw ng employer si Mary Jane ng damit at cellphone. May binili ring gatas para sa bunsong anak na si Mark Darren na pinasalubong ni Tintin at inabot sa amin. Nagpasalamat kami sa kanya dahil sa mabuting balita na ito;

15. Noong ika-9 ng Mayo, bandang alas-diyes ng umaga ay tumawag sa amin si Mary Jane at binati at kinantahan ng "Happy Birthday" ang kanyang tatay dahil kaarawan nito sa susunod na araw. Nang kamustahin namin siya, ang sabi niya ay maayos ang kalagayan niya doon at sinabihan kami na palaging mag-iingat;

16. Noong ika-11 ng Mayo, bandang alas-nuwebe ng umaga, matapos ang petsa ng kaarawan ng tatay niya at tapos na ang botohan sa eleksyon, nagtext siya sa kanyang kapatid na si Darling at sinabing huwag pababayaan ang kanyang mga anak, na mahal niya kami at palaging mag-iingat. Nag-reply kami sa mensahe ngunit wala ng natanggap na sagot;

17. Noong sumunod na araw, ika-12 ng Mayo, bandang alas-otso ng umaga, ay nag-text ulit siya kay Darling at sinabing huwag pababayaan ang kanyang mga anak at iba pang mensahe na tila nagpapahiwatig ng pamamaalam sa amin. Tinawagan namin ang numero at nakausap namin siya. Sa pagsagot, bumungad na ang pag-iyak niya. Nang tanungin namin kung bakit at kung ano ang problema, sinabi niya na siya ay nakakulong;

18. Nang marinig namin ito ay nag-iyakan na kami habang ang aking asawa ay tumakbong palabas at tinangkang iuntog ang ulo sa pader. Napigilan lamang siya ng aming dalawang manugang. Nawalan rin siya ng malay matapos nito. Naputol na ang tawag namin kay Mary Jane sa puntong ito;

19. Nang mahimasmasan na ang aking asawa, ng bandang ala-una ng hapon, ay tinawagan namin ulit si Mary Jane at siya ay nakausap. Sa pagkakataong ito nilahad na ni Mary Jane ang mga pangyayari na humantong sa kanyang pagkakakulong. Sa aking pagkaintindi at pagka-alala sa kwento ni Mary Jane ang mga sumunod ang mga nangyari sa kanya:

a. Na pagkarating nila sa hotel sa Malaysia noong ika-22 ng Abril, sinabihan siya ni Tintin na may iba nang nakuhang kasambahay ang kanyang bestfriend. Naoaiyak si Mary Jane nang malaman ito, ngunit sinabihan siya ni Tintin na huwag mag-alala dahil marami siyang bestfriend sa Malaysia. Sinabi rin ni Tintin na sa loob ng tatlong araw ay mahahanapan siya ng mapapasukan;

b. Sa tatlong araw nila sa Malaysia ay nilibot ni Tintin si Mary Jane sa Malaysia, binilhan ng maraming damit, cellphone at binigyan ng Five Hundred Dollars (500) bilang pocket money;

c. Makalipas ang tatlong araw, ika-26 ng Abril, sa pagkabalik ni Tintin sa hotel ay may kasama itong dalawang tao. Ang isa ay ipinakilala ni Tintin bilang boyfriend niya na si "Prince." Dala din ni Tintin ang isang maleta. Sinabihan niya si Mary Jane na gumayak na dahil pupunta siya nang Indonesia at nahanapan siya ng trabaho sa doon;

d. Nang iniabot ni Tintin ang maleta ay naramdaman ni Mary Jane na mabigat ito. Nang tanungin niya kung bakit, sinabi ni Tintin na sadyang mabigat ang mga bagong maleta sa Malaysia. Dahil nagtataka si Mary Jane kung bakit mabigat, siniyasat niya ang lahat ng bulsa nito. Nang makitang walang laman, sinilid na niya ang kanyang kagamitan. Labis ang pag-aapura ni Tintin sa kanya. Ni hindi naisuot ni Mary Jane ang kanyang sandals. Naisuot na lamang niya ito noong nasa sasakyan na sila nang ihatid siya ni Tintin at ng dalawa pang kasama nito sa airport;

e. Sa airport, bago magcheck-in, nagpaalam si Tintin na iihi ito saglit ngunit hindi na bumalik kaya pumasok na siya kasama ang dalawa pa;

f. Noong nasa airport sa Indonesia na siya, sa pagdaan niya sa x-ray machine ay tumunog ito at pinabuksan sa kanya ang kanyang maleta at hinalughog ng airport staff. Pagdaan ulit sa machine tumunog ulit ito at sinabing buksan muli ito. Nang wala sila

ulit makita tinanong si Mary Jane kung pwede wakwakin ang maleta. Pumayag naman si Mary Jane. Nang sirain ang ilalim na bahagi ng maleta doon nakita na nakasilid ang heroin. Nang sabihin sa kanya ng staff na ito ay heroin, nawalan na ng malay si Mary Jane;

g. Nang magkaroon siya ng malay ay hindi na niya alam kung saan siya naroroon. Namalayan na lamang niya na bitbit siya ng dalawang pulis sa Indonesia;

20. Nang matapos itong isalaysay ni Mary Jane sa telepono, bandang hapon, pinuntahan namin ng buong pamilya si Tintin sa Talavera. Nang makausap namin si Tintin, niyakap niya kaming mag-asawa. Habang hinihimas ang aming likod, sinabihan kami na huwag maingay, huwag lalapit kahit kanino, at huwag magpapa-media dahil iisa-isahin kaming pamilya at manganganib din ang buhay ni Mary Jane sa kulungan. Sila daw ay isang internasyunal na sindikato. Nagtataka si Tintin na kung bakit sa dami ng kanyang napaalis na may kargang droga, ang kanyang kinakapatid pa ang nahuli. Huwag daw kami mag-alala dahil kaya nilang gumastos ng ilang milyon para mailabas si Mary Jane sa kulungan;

21. Matapos kaming kausapin ni Tintin, sinubukan naming tawagan ang number na ginamit ni Mary Jane na pangkontak sa amin, ngunit palagi itong "out of coverage." Nais sana naming siyang makausap para alamin ang kalagayan niya doon;

22. Dahil sa magkahalong takot at pag-asa, pinili muna naming manahimik dahil sa pangako ni Tintin na mailalabas nila ng kulungan si Mary Jane;

23. Makalipas ang tatlong buwan ay wala pa ring nangyayari sa pangako ni Tintin;

24. Sa panahong ito, bandang Agosto 2010, lumuwas ako at ang aking asawa, kasama ang dalawa naming anak na si Darling at Maritess, papuntang Maynila para humingi ng tulong;

25. Lumapit kami sa mga istasyon ng TV;

26. Sumunod naming pinuntahan, bandang tanghali, ang Department of Foreign Affairs (DFA para sa kaigsian). Ako at ang aking anak na si Maritess ang pinayagan lamang na makapasok. Tumungo kami sa ikatlong palapag ng building bilang pagsunod sa sinabi ng guwardiya;

27. Sa tanggapan na aming pinuntahan ay may pinasulatan sa amin at tinanong kung ano ang kailangan namin. Pinapasok kami sa loob ng opisina at sinalaysay namin ni Maritess ang mga pangyayaring ikiniwento ni Mary Jane sa amin sa isang nagngangalang Patricia at isa pang staff na lalaki;

28. May mga ipinakita sa aming dokumento si Patricia kaugnay sa kaso ni Marya Jane. Matapos ito sinabihan kami ni Patricia na gagawin nila ang lahat para kami ay matulungan. Kinuha niya ang contact number namin at sinabing kokontakin kami kung may balita na sila. Mula sa DFA ay umuwi na kami pabalik ng Cabanatuan City;

29. Matapos ang ilang araw lumuwas muli kami ni Maritess sa Maynila at pumunta muli sa DFA para makibalita. Sa parehong tanggapan, hinanap namin si Patricia ngunit ang sabi ng staff na nandoon ay wala siya at bumalik na lamang daw kami sa ibang araw;

30. Muli kaming lumapit at humingi ng tulong sa mga T.V. stations Umuwi na kami ng Cabanatuan matapos nito;

31. Mula noon ay halos araw-araw kaming tumatawag sa mga numerong ibinigay sa amin ng DFA. Madalas ay walang sumasagot sa numero. Kapag may makakasagot ang sasabihin lamang sa amin ay wala si Patricia;

32. Maliban sa pagtawag ay madalas kaming lumuluwas ng Maynila, dalawa hanggang tatlong beses sa isang linggo, ng halos isang taon. Sa tuwing kami ay pupunta doon madalas ay wala si Patricia. Sa pagkakataong nandun siya sinasabihan lamang kami na wala pa siyang balita ngunit gagawin nila ang lahat para kay Mary Jane. Nakikipag-coordinate na daw sila sa Indonesia. Minsan sinabihan din niya kami na huwag magpapa-media;

33. Nang minsang magpunta kami sa DFA at naka-usap si Patricia, binigyan niya kami ng kopya ng ilang dokumento kaugnay sa kaso ni Mary Jane ngunit nawala ito ng bumagyo at bahain ang aming tirahan sa Barangay Caudillo;

34. Sa mga panahong ito ay lumapit din kami sa mga lokal na opisyal ng pamahalaan, kay Mayor at Governor. Ngunit wala ring naging resulta ang ipinangako nila sa amin;

35. Sa panahon ding ito ay lumapit na rin kami sa NBI, mga abogado at pulis sa Cabanatuan City para alamin kung maaari kaming tulungan sa pag-demanda kay Tintin. Subalit sinabihan nila kami na hindi kami makakapag-demanda dahil wala kaming katibayan. Pero binigyan nila kami ng abiso na pasulatin si Mary Jane ng salaysay ng buong pangyayari para makapag-demanda;

36. Noong ika-25 ng Oktubre 2010, matapos ang limang buwan na walang tawag mula kay Mary Jane, nakatawag na siya muli dahil birthday ng kanyang bunsong anak na si Darren. Kinantahan ng "Happy Birthday" ang anak at kinumusta kaming lahat. Sinabihan kami na mabuti ang kanyang kalagayan doon at marami na siyang naging kaibigan sa kulungan. Mula noon ay madalas na kaming makapag-usap sa telepono;

37. Nang sumunod na tawagan namin, naibahagi na namin sa kanya ang mga paghingi namin ng tulong sa DFA at ang plano naming sampahan ng kaso si Tintin. Sinabihan namin siya na sumulat ng salaysay ng lahat ng mga pangyayari para magamit na ebidensiya laban kay Tintin. Ito rin kasi ang hinihingi sa amin ng NBI, abogado at kapulisan;

38. Nang sumunod na buwan, bandang Nobyembre, dumating ang inaasahan naming koreo mula kay Mary Jane. Ngunit nang buksan namin ito puro pictures lang nila ng mga kaibigan niya ang laman. Walang kasamang salaysay o sulat mula kay Mary Jane;

39. Nang matanggap ito tinawagan namin agad si Mary Jane at sinabing wala ang salaysay. Nagulat si Mary Jane at nagtaka kung bakit pictures lang ang laman noon. Sinabihan namin siya na magpadala ulit ng salaysay dahil napakahalaga nito;

40. Nang sumunod na buwan ay nakatanggap muli kami ng koreo. Ngunit tulad nung una, pictures lang ang laman at wala ang salaysay. Nagpagawa ulit kami kay Mary Jane pero sabi niya sa amin na sa DFA na lang ipapadaan ang koreo;

41. Matapos muli ang isang buwan ay may dumating na koreo mula kay Mary Jane. Nagulat kami na dumiretso pa rin sa amin ang koreo samantalang inaasahan namin na sa DFA na lang namin ito kukuhain. Nang buksan namin ito, wala muli ang salaysay. Ang laman lamang ay mga litrato at ang bandana mula sa isang pari. Iniulat ulit namin ito kay Mary Jane at nagtaka rin siya. Hindi na kami muli sumubok na magpadala ng salaysay;

42. Naiulat din namin ang problemang ito sa koreo kay Patricia ng DFA. Sabi niya wala silang natanggap na sulat o pakete mula kay Mary Jane. Sinabi sa amin ni Patricia na baka binubuksan ng koreo ang pakete kaya hindi nakakarating ang salaysay;

43. Matapos ang isang taon na pabalik-balik namin sa DFA na walang nakukuhang malinaw na sagot kung paano nila matutulungan si Mary Jane na ma-abswelto sa kanyang kaso, may nakapag-sabi sa amin na pumunta rin sa PDEA sa Maynila;

44. Pumunta kami, ako at mahigit pang sampu na miyembro ng aming pamilya sa tanggapan ng PDEA. Kaming lahat ay pinapasok sa PDEA at nakausap namin si Joseph Ladip. Ikiniwento namin sa kanya ang salaysay ni Mary Jane at maging ang mga pagpunta namin saDFA at iba pang hiningian ng tulong sa Maynila. Naikwento rin namin sa kanya ang naging problema sa pagkawala ng mga ipinapadalang salaysay ni Mary Jane;

45. Ang sabi ni Joseph sa amin ay makikipag-coordinate siya sa DFA. Hiningi niya ang aming numero at ibinigay naman niya ang contact number niya. Kung may problema daw kami tawagan at/o text namin siya. Umuwi na kami ng Cabanatuan matapos nito;

46. Mula noon hanggang sa sumunod na taon, sa tuwing tatawag kami sa DFA at walang sumasagot, tinatawagan din namin si Joseph. Sasabihan kami ni Joseph na tatawag siya sa DFA. Tatawag muli siya sa amin para sabihin na ang sagot ng DFA ay wala si Patricia. O kaya naman minsan pagkatapos ng tawag kay Joseph ay tatawag ang mula sa DFA para sabihin din na wala si Patricia;

47. Sa buong dalawang taon mula ng makulong si Mary Jane, ay regular kaming nakakapag-usap sa telepono. Sinasabi niya sa amin na maayos naman ang kalagayan niya sa loob ng kulungan at marami siyang kaibigan. Kaagapay niya din doon ang isang pari na regular na bumibisita sa kanya;

48. Nang minsang tanungin namin siya kung may nag-aasikaso sa kanyang kaso, nabanggit niya na minsan ay may bumisita sa kanya na nagpakilalang attorney ngunit maraming tattoo sa katawan. Sinabihan siya na may hearing siya sa kanyang kaso;

49. Noong umaga ng ika-11 ng Oktubre 2012, tumawag si Mary Jane na humahagulgol. Nagmamakaawa na tulungan namin siya dahil hinatulan daw siya ng kamatayan at bibitayin na siya matapos ang isang linggo;

50. Noong mismong araw na iyon ay lumuwas kaming pamilya, lulan ng isang jeep, papuntang DFA. Kaming dalawa lang ni Maritess ang pinapasok. Nakausap namin si Patricia habang umiiyak kaming mag-ina dahil sa masaklap na balita mula kay Mary Jane. Ang sabi ni Patricia, hindi ito totoo. Na hindi bibitayin sa Mary Jane dahil wala naman silang natatanggap na balitang ganito mula sa Indonesia. Iginigiit niya na kung may ganito man, sila daw ang unang makakaalam. Sinabi niya rin na ito ay dahil sa hindi nakakaintindi ng Ingles at Indonesian si Mary Jane. Malamang ay nang marinig niya ang death penalty, akala niya siya na ang bibitayin. Dahil dito gumaan ang aming loob;

51. Sa parehong araw ay sumadya din kami sa PDEA para alamin kung paano pa masasampahan ng kaso si Tintin. Ang sinabi sa amin ni Joseph, mahirapan kami makapagsampa dahil wala kaming ebidensya. Umuwi na kami ng Cabanatuan matapos nito;

52. Kinabukasan, maaga pa lang ay tinatawagan na namin si Mary Jane para maibalita ang lakad naming sa DFA. Ngunit bandang alas-diyes na ng umaga ng makontak naming siya. Nang makausap siya sinabi namin agad na sabi ng DFA ay hindi totoo na bibitayin siya. Humagulgol agad si Mary Jane at sinabing hindi niya kami niloloko kaugnay sa balita niyang

bitay. Katunayan daw nito ay madami ng media at reporter na sumusunod sa kanya nung araw na iyon kaya hindi siya makasagot ng tawag. Lumabas na daw siya sa mga balita at sinabihan kaming tignan ang mga balita sa Internet;

53. Tinawagan namin si Patricia at iniulat na nakausap namin si Mary Jane at kinumpirma niya na totoo ang sinasabi niya. Pero nagpumilit pa rin si Patricia na hindi totoo ang balita ni Mary Jane;

54. Tinawagan muli namin si Mary Jane at ganun pa rin ang sinabi. Tumawag naman kami ulit kay Patricia pero iginiit pa rin ang naunang sinabi niya. Dahil dito tinawagan na namin si Joseph at sinabing ayaw maniwala ni Patricia sa sinasabi ni Mary Jane. Sabi ni Joseph tatawagan niya si Patricia;

55. Matapos ang ilang minuto, tumawag si Patricia at humingi ng paumanhin sa amin. Sinabi na niya na totoo ang balita kay Mary Jane. Sabi ni Patricia aaksyon siya agad. Magpapadala sila ng attorney at translator kay Mary Jane at bibigyan ng pera para pang-contact ni Mary Jane sa amin;

56. Kinabukasan, umaga ng ika-13 ng Oktubre 2012, kinontak namin ulit si Mary Jane dahil may duda pa rin kami sa magiging aksyon ni Patricia. Kinumpirma ni Mary Jane na meron na ngang ipinadalang attorney, translator at pera para sa kanya;

57. Sa parehong mga tawag sa DFA at kay Mary Jane napag-alaman namin na nag-apela na ang gobyerno ng Pilipinas at na-postpone ang pagbitay kay Mary Jane. Nakahinga kami ng maluwag matapos nito;

58. Mula nito ay regular na muli ang tawagan namin nila Mary Jane, habang natigil na muli ang pag-ugnay ng DFA sa amin;

59. Noong bandang Abril 2013 ay tumawag si Mary Jane sa amin at nagsabing mag-ayos daw kami (ako, ang aking asawa at panganay niyang anak na si Mark Daniel) ng passport dahil gusto niya kaming pabisitahin sa kanya sa Indonesia. Sinabi ko sa kanya na wala kaming pera. Pero sinabi niya na ang gagastos daw nito ay si Puri at Bita, mga babaeng pulis na kaibigan niya sa kulungan. Papapadalhan daw kami ng pera para sa aming passport sa susunod na araw;

60. Kinabukasan ng umaga ay nagtext siya sa amin at binigay ang code ng pera na padala na may halagang Five Thousand Two Hunderd Pesos (P5,200) para sa pagproseso ng aming passport;

61. Sa parehong araw ay lumuwas kami ni Maritess ng Maynila para pumunta sa DFA at magpatulong para sa pag-aayos passport. Nakiusap kami para sa mabilisang pagproseso ng passport para maabutan pa naming ang bakasyon ni Mark Daniel.

62. Nakausap namin doon si Patricia, tatawagan na lang daw kami dahil naka-leave pa siya;

63. Patuloy ang pagkontak namin kay Patricia at nakailang luwas din ulit kami papuntang DFA para magpatulong. Pero inabot na ng isang buwan ng wala siyang pagtulong sa amin;

64. Sa puntong ito nawalan na kami ng pag-asa. Nang sabihin naming ito kay Mary Jane nagalit siya at nagtataka kung bakit ayaw kaming tulungan ng DFA samantalang hindi naman sila ang gagastos para sa pagbisita namin sa Indonesia. Sa galit niya, nasabi niya na kung hindi kami makakabisita ay may hindi magandang mangyayari sa kanya;

65. Buti na lamang may nakapagsabi sa akin na meron pwedeng tumulong na pulitiko sa akin para makapag-ayos ng passport. Sa tulong ni Mr. Manalo, kandidato sa pagka-Mayor ng La Paz, naiproseso ang passport namin sa DFA Pampanga;

66. Nang magfollow-up kami sa DFA Pampanga, buwan ng Mayo, ang sabi sa amin ay dalawa pa lang ang natatapos nila. Kinabukasan ay tinawagan kami ng DFA Pampanga para sabihin na kuhain na naming ang aming passport sa kanilang opisina;

67. Sa DFA Pampanga sinabi sa amin na kahapon pa lang ay tapos na ang tatlong passport ngunit tinawagan daw sila ni Patricia at sinabing i-hold ang passport namin. Naisip ng taga-DFA Pampanga na walang dahilan para i-hold ang passport namin dahil kami naman ang gumastos para dito. Dahil inabot na sa amin ang tatlong passport at sinabihan kaming pumunta sa Social Welfare sa Pampanga para kumuha ng katibayan na pumapayag ang ama ni Daniel na magbyahe kasama namin;

68. Pagkauwi namin sa bahay tinawagan si Mary Jane para ibalita na hawak na naming an gaming passport. Lubos na ikinatuwa ito ni Mary Jane. Sinabihan niya kami na sa susunod na araw ay ipapadala niya ang pera pambili ng aming ticket;

69. Matapos ang ilang sandal ay tinawagan kami ni Patricia. Sabi niya nabalitaan niya na nakuha na namin ang passport. Sinabihan niya kami na kung wala ang imbitasyon mula sa Indonesia ay hindi pa rin kami makakaalis. Sinagot ko siya na mismong ang mga pulis ang nag-iimbita sa amin at sila pa mismo ang gagastos para sa amin. Sinabihan kami ni Patricia kahit ganito ay hindi pa rin kami makakatuloy kung wala kaming pocket money. Sinabi ko sa kanya na may Twenty Thousand Pesos (P20,000) kami na pocket money. Ngunit minaliit kami ni Patricia at sinabi saan daw kami kukuha ng pera. Sa inis ko pinutol ko ang tawag kay Patricia;

70. Ngunit tumawag ulit si Patricia. Kinukutya pa rin kami at minamaliit ang anak ko. Hindi siya makapaniwala na gagastusan si Mary Jane ng ganung halaga ng mga taga-Indonesia. Sa inis ko ulit, pinutol ko ulit ang usapan namin. Kinabukasan ay ipina-fax ko sa DFA ang resibo bilang katibayan na pinadalhan kami ng mahigit Eight Two Thousand Pesos (P82,000) mula sa Indonesia;

71. Tumawag si Patricia at humingi ng paumanhin. Matapos naming ibigay ang resibo ay naniwala na daw siya na mabait nga si Mary Jane kaya siya ginastusan ng ganung halaga;

72. Bumili na kami ng ticket matapos nito at hindi na namin kinontak pa si Patricia;

73. Ika-5 ng Hunyo 2013 nang lumipad kaming tatlo papuntang Indonesia. Halos isang buwan din kami doon. Laking tuwa namin na araw-araw ay nabibisita namin si Mary Jane. Nakakasama namin siya ng mahigit dalawang oras sa bawat bisita naming;

74. Bukod dito ay ipinasyal din kami ng mga kaibigang pulis ni Mary Jane na si Puri at Bita sa iba't ibang lugar sa Indonesia. Ang lahat ng aming gastusin doon ay mula sa pagtutulungan ng mga kaibigan ni Mary Jane na pulis, bilanggo, pari, at judge. Malaki ang pasasalamat namin sa lahat ng kanilang tulong;

75. Sa isa sa mga pag-uusap namin sa kulungan, napag-usapan namin ang tungkol sa pagsasampa ng kaso kay Tintin. Pinapagawa namin siya ng salaysay na gagamiting ebidensya laban kay Tintin. Gumawa naman si Mary Jane kaso hindi na niya ito ibinigay sa amin dahil baka daw ika-pahamak pa naming pamilya niya ang salaysay;

76. Sa buong panahon namin sa Indonesia ay wala kaming nakausap o nakilala mula sa Philippine Embassy. Hindi rin namin sila makontak nung nagkaproblema kami sa airport nung pauwi na kami ng Pilipinas;

77. Nakabalik kami sa Pilipinas noong ika-29 ng Hunyo 2013;

78. Pagkabalik namin sa Pilipinas hinanap sa amin ni Maritess ang salaysay ni Mary Jane. Ipinaliwanag namin sa kanya ang nangyari kung bakit hindi niya ibinigay sa amin. Gayun pa man, nang makausap ni Maritess si Mary Jane, iginiit nito na ipadala pa rin ang salaysay;

79. Bandang Hulyo nang ipadala ni Mary Jane ang sulat kamay na salaysay niya. Subalit pinagbigyan namin ang hiling ni Mary Jane na itago na lang ito at gamitin na lang balang-araw;

81. Mula noon ay naging panatag na kaming lahat dahil regular naman ang komunikasyon namin kay Mary Jane at masaya siya kapiling ang mga kaibigan sa kulungan;

82. Noong ikalawang linggo ng Pebrero 2015, bandang alas-onse ng umaga ay may tumawag sa amin mula sa DFA na nagngangalang Violet at kami ay pinaluluwas at pinapapunta sa DFA sa mismong araw na iyon dahil may gusto daw makipag-usap ng personal sa amin. Sasagutin daw nila ang pamasahe namin ng balikan. Isama ko daw ang aking asawa at ang dalawang anak ni Mary Jane. Lumuwas din kami agad ng araw na iyon;

83. Lagpas na ng alas-singko ng makarating kami sa DFA. Ngunit madali kaming pinapasok at pinagkukuhaan ng litrato. Kinausap kami ng nagpakilalang Violet at isang matabang matandang lalaki. Sinabi sa amin ni Violet na dadalhin kami sa taas at dahil nandoon daw ang gusting makipag-usap sa amin. Hinatid na kami ni Violet at ng isa pa sa itaas ngunit umalis na rin sila nang makaharap na namin at si DFA Secretary Albert Del Rosario;

84. Tinanong kami kung nais naming bumisita kay Mary Jane. Nagulat kami dahil noon ay hindi nila kami tinulungan sa unang pagpunta namin sa Indonesia. Sa puntong iyon ay kinutuban ako at sinabi kong kung bibitayin ang anak ko ay hindi ako sasama. Sinagot niya kami at sinabing ginagawa nila ang lahat para hindi mabitay si Mary Jane. Nais lang daw nilang mabisita namin siya doon. Dahil dito pumayag na kami. Nagkaisa kami na ang mga sasama ay kaming mag-asawa, ang dalawang bata at si Maritess;

85. Matapos ang ilang proseso ng pag-aayos ng passport at papeles ni Mark Darren ay nakalipad na kami papuntang Indonesia noong ika-18 ng Pebrero kasama naming si Violet;

86. Pagkalapag namin sa Indonesia ay sinundo kami ni Mr. Chito at iba pa mula sa Philippine Embassy;

87. Pinuntahan namin ang isang judge na babae. Ipinakilala kami ni Mr. Chito sa judge. Matapos nito ay inuwi na kami sa hotel;

88. Kinabukasan ay nabisita na namin si Mary Jane at buong araw naming siyang nakasama. Ganito rin ng mga sumunod na dalawa pang araw;

89. Masaya kami na maghapon naming kasama si Mary Jane. Nakasama rin naming doon ang mga kaibigan ni Mary Jane noong una kaming dumalaw;

90. Kinuha sa amin ni Chito ang original na hand-written na salaysay ni Mary Jane na ipinadala niya sa amin. Kakailanganin daw nila ito;

91. Sa airport, bago kami magcheck-in ay ipinakila sa amin ni Chito ang isang lalaking abogado. Ang sabi niya hindi sana nagtagal ang kaso ni Mary Jane kung nabigyan siya ng maayos na interpreter. Ang sabi nila Violet at Chito magaling daw ang abogado na ito dahil may mga katulad na itong kaso na hinawakan noon at nanalo;

92. Umaga ng Pebreo 22, 2015 nang makabalik kami sa Pilipinas;

93. Makalipas ang isang araw, nakatanggap ako ng text mula sa isang kamag-anak na may napanood sila sa TV na ibinasura ang apela kay Mary Jane. Hindi kami naniwala dahil wala namang sinabing ganito nung nasa Indonesia pa kami;

94. Tatlong araw mula ng kami ay bumalik mula sa Indonesia, napanood namin sa TV na ibinasura na nga ang apela para kay Mary Jane. Nag-iyakan kami ng buong pamilya dahil hindi namin ito inaasahan;

95. Kaagad kaming nakipagtawagan kay Mary Jane. Hindi rin niya alam ang ganitong balita at hindi siya makapaniwala sa sinasabi namin. Hiningi niya ang number ni Violet pero hindi daw niya makontak ang numero;

96. Kinabukasan ay nagsimula ng magdatingan ang media sa aming bahay;

97. Mula noon ay walang pag-ugnay ang DFA sa amin. Ilang beses naming tinawagan si Violet pero "out of coverage" palagi ang numero niya.

SA KATUNAYAN NG LAHAT NG ITO, ako'y lumagda ng buo kong pangalan ngayong ika-15 ng Abril 2015, dito sa Quezon City, Pilipinas.

Celia F Veloso

**CELIA FIESTA VELOSO**
Nagsasalaysay

**SUBSCRIBED AND SWORN TO** before me, notary public for and in Quezon City, Philippines on APR 17 2015, affiant exhibited to me her COMELEC Voter's Identification Card with VIN 4903-0366B-L1359CFV20000 issued in Cabanatuan City, Nueva Ecija.

MARIA KRISTINA C. CONTI
Notary Public until December 31, 2015
[illegible]
IBP Lifetime [illegible]
PTR No. [illegible] City
[illegible]
Central District, Quezon City

Doc No. 41
Page No. 19
Book No. I
Series of 2015.